


Iwasan ang Panloloko sa Medicare

Ang Senior Medicare Patrol (SMP na programa ay nagbibigay kapangyarihan at tumutulong sa mga benepisyaryo ng Medicare na maiwasan ang panloloko, pagkakamali, at pang-aabuso sa pangangalagang pangkalusugan. Naglilingkod kami sa mga benepisyaryo sa lahat ng edad, mga miyembro ng kanilang pamilya, at mga tagapag-alaga. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung paano maiwasan ang panloloko o kailangan mo ng tulong sa pagtukoy kung nangyari na ito, matutulungan ka ng SMP na protektahan ang iyong sarili at ang iyong mga mahal sa buhay.



Nawawalan ang Medicare ng tinatayang \$60 bilyon kada taon dahil sa panloloko, mga pagkakamali, at pang-aabuso. Araw-araw, ang mga isyung ito ay nakakaapekto sa mga tao sa buong bansa at maaaring humantong sa pagnanakaw ng iyong pagkakakilanlan at pera.

Matututuhan mong **iwasan, tuklasin,** at **i-ulat** ang pandaraya, mga pagkakamali, at pang-aabuso sa Medicare sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa SMP. Ang SMP ay isang pambansang programa na may mga opisina sa bawat estado, Washington, D.C., Puerto Rico, Guam, at U.S. Virgin Islands. Kapag nakipag-ugnayan ka sa iyong lokal na SMP, sasagutin ng mga sinanay na miyembro ng koponan ang iyong mga tanong at magbabahagi ng mga kapaki-pakinabang na tip upang matulungan kang maiwasan ang mga problema bago mangyari ang mga ito. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa SMP kung sa tingin mo ay naganap na ang panloloko, mga pagkakamali, o pang-aabuso. Magbibigay kami ng kumpidensyal na suporta upang matugunan ang iyong mga alalahanin. Maaari din kaming tumulong na i-ulat at i-refer ang mga isyu sa naaangkop na mga ahensya ng estado at pederal para sa karagdagang tulong.

Mag-ingat para sa:

- ◆ Pagsingil para sa mga serbisyo o medikal na supply na hindi ibinigay.
- ◆ Pagkamali sa isang diagnosis, iyong pagkakakilanlan, o iba pang mga katotohanan upang singilin ang Medicare.
- ◆ Pagreseto o pagbibigay ng sobra o hindi kailangan na mga pagsusuri at serbisyo.
- ◆ Pagsingil mula sa sariling bulsa para sa mga serbisyong saklaw ng Medicare.



Mga tip upang maiwasan, matukoy, at mag-ulat

- ◆ Ibahagi lamang ang iyong numero ng Medicare o Social Security sa mga pinagkakatiwalaan mo.
- ◆ Dalhin lamang ang iyong Medicare card kapag kailangan mo ito.
- ◆ Magtago ng talaan ng lahat ng iyong mga medikal na pagbisita at pamamaraan.
- ◆ Suriin ang iyong mga pahayag sa Medicare para sa mga pagkakamali tulad ng mga pagsingil na hindi mo nakikilala o nadoble ang pagsingil.
- ◆ Tumawag sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, Medicare, o sa iyong lokal na SMP kung makakita ka ng kahina-hinalang bagay.